



Pista ng Internasyonal na Lungsod ng Ota sa "Araw ng Langit"



Ang layunin ng kaganapang ito ay internasyonal na palitan. Magbubukas ng booth ang mga embahada ng iba't ibang bansa sa mundo, kaya tiyak na maaaliw sa mga kultura at pagkain ng bawat bansa. Bukod dito, magkakaroon ng mga booth kung saan maaaring subukan ang tradisyonal na kultura ng Japan at mga booth na nagtitinda ng mga espesyal na produkto ng probinsya. Hindi lang mararanasan ang kultura ng Japan, kundi maaaliw kayo sa pakikisalamuha sa mga dayuhan. Inaasahan namin ang pagdalo ng maraming tao. Sa araw na ito, pansamantalang magpapatakbo ng shuttle bus mula sa Kamata Station at Omori Station, kung kaya't gamitin lamang ang mga ito. Sa karagdagan, magdaraos din ng mga kaganapan sa loob ng paliparan sa parehong araw. Pansamantalang magpapatakbo ng shuttle bus mula sa venue hanggang sa international terminal, kaya't sabay nang tamasahin ang mga kaganapan.

Kailan Ika-28 ng Setyembre, 2019 (Sabado) 10:00am - 4:00pm

Ilang tao Mga dumalo noong fiscal year 2018: 20,000 katao

Saan Dating maintenance area ng Haneda Airport (Haneda Airport 1-5) 5 minutong lakad mula sa Keikyu "Tenkubashi Station"

Para sa mga katanungan

☎ 03-5744-1322
FAX 03-5744-1323
E-mail kanko@city.ota.tokyo.jp
URL https://www.city.ota.tokyo.jp/event/event_kankou/ota-festival-in-soranohi_2019.html



Magkakaroon ng "Cafe para sa Palitan ng Iba't Ibang Kultura"



Kailan Ika-28 ng Setyembre, 2019 (Sabado) 10:00am - 4:00pm

Saan Ota-ku, Haneda Airport 1-5 Espesyal na venue para sa kaganapan

Magkano Libre

Paraan ng aplikasyon Direktang pumunta sa venue sa mismong araw. Makakaupo mula sa naunang dumating.

Magkakaroon ng "Cafe para sa Palitan ng Iba't Ibang Kultura" sa Pista ng Internasyonal na Lungsod ng Ota sa "Araw ng Langit" Haneda 2019. Bakit hindi subukang makipag-usap sa mga exchange staff mula sa iba't ibang bansa? Magtanong tungkol sa wika, pagbati at kultura ng bawat bansa. Maghahanda kami ng libreng tsaa at hihintayin ang inyong pagdalo.

Para sa mga katanungan

General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
E-mail info@ota-goca.or.jp
URL <https://www.ota-goca.or.jp/>



**Ika-9 Itsusu no Wa Fureai Matsuri
(Pista ng Pakikisalamuha, Limang Bilog)**

Ito ay pista ng komunidad na pinangangasiwaan ng Omori-Higashi District Council Association bilang sponsor. Pinaplanong magkaroon ng mga imitation booth na nagtitinda ng frankfurter, sweet red-bean soup, atbp. at mga mini train, trampoline, atbp. sa corner para sa mga bata. Bukod dito, plano ring magkaroon ng corner kung saan maaaring kumonsulta tungkol sa kalusugan at pangangalaga sa mga matatanda.



Kailan

Ika-27 ng Oktubre, 2019 (Linggo) 10:00am - 3:00pm
(matutuloy kahit umambon)

Saan

Multipurpose plaza sa tabi ng Omori-Higashi Branch Office, Omori-Higashi Branch Office, Morigasaki Traffic Park, Omori Minami Field

Para sa mga katanungan

Omori-Higashi Branch Office
☎ 03-3741-8801 FAX 03-3741-8552
E-mail omorih@city.ota.tokyo.jp

**Ika-2 Itsusu no Wa Clean Daisakusen
(Clean Major Strategy, Limang Bilog)**

Ito ay isang paligsahan ng komunidad sa pagpupulot ng basura na pinangangasiwaan ng Omori-Higashi District Council Association bilang sponsor. Magkakaroon ng kompetisyon ang mga koponan kung gaano karami ang mapupulot na basura sa loob ng itinakdang oras, at nilalayan nito na itaguyod ang pagpapaganda ng kapaligiran ng Omori-Higashi District. May ihahandang premyo para sa mga koponang nanalo ng matataas na ranggo, at mayroon ding participation award para sa mga lumahok. Magpulot tayo ng maraming basura at gawing malinis ang ating bayan!

Kailan

Ika-20 ng Oktubre, 2019 (Linggo) 9:30am - 11:30am
(matutuloy kahit umambon) *May programa para sa maulang panahon

Saan

Omori-Higashi District (Magbibigay ng paunawa tungkol sa mga detalye sa mismong araw.)

Magkano

Libre

Ilang tao

20 koponan (3 - 5 katao sa bawat koponan)

Paraan ng aplikasyon

Isulat ang mga kinakailangang detalye sa application form, at ipadala ito sa pamamagitan ng e-mail, fax, koreo, atbp. gamit ang mga detalyeng nakasulat sa "Para sa mga katanungan" sa ibaba. (Ipinamamagahi ang application form sa Omori-Higashi Branch Office at maaari ring i-download mula sa website ng Ota City Office.)

Para sa mga katanungan

Omori-Higashi Branch Office
(143-0013 Ota-ku Omori-Minami 4-9-1)
☎ 03-3741-8801 FAX 03-3741-8552
E-mail omorih@city.ota.tokyo.jp

Ika-8 Fureai Matsuri (Pista ng Pakikisalamuha) sa Haneda, Haginaka

Ito ay pista ng komunidad na idinaraos sa pamamagitan ng pagkakaisa ng iba't ibang organisasyon tulad ng mga council/ town assembly, kumpanya sa komunidad, shop association, atbp. May mga stage event para sa awa *odori* (awa dance), eisa (Okinawan folk dance) atbp., at hindi lang ang mga pirmihang tindahan ng cotton candy at yakisoba ang hihilera kundi ang mga katangi-tanging imitation booth na nagtitinda ng steak mula sa shopping district, western sweets, atbp. Bukod dito, may paliwanag tungkol sa proyekto para sa dating lugar ng Haneda Airport. Sana ay dumalo kayo.

Kailan

Ika-20 ng Oktubre, 2019 (Linggo)

10:00am – 2:00pm (mula 11:00am ang simula ng pagtitinda sa mga stall atbp.)

Saan

Haginaka Park Shonen Baseball Field (Ota-ku Haginaka 3-26-46)



Para sa mga katanungan

Haneda Branch Office

☎ 03-3742-1411 FAX 03-3742-1502

E-mail haneda@city.ota.tokyo.jp

Kapag nasugatan sa malakas na lindol, tumungo sa first-aid station

Kapag nagkaroon ng malakas na lindol, magtatatag ng mga first-aid station sa loob ng teritoryo ng ospital atbp. na magtatagal ng humigit-kumulang 72 oras.

Kailan

Kapag nagkaroon ng lindol sa loob ng Ota City na ang seismic intensity ay lower 6 pataas

Sino

Taong nasugatan at nais magpagamot sa doktor

Saan

Mga ospital o paaralan sa loob ng Ota City na nakasulat sa ibaba

First-aid station para sa emergency care (16 lugar)

- Ota Hospital (Omori-Higashi 4-4-14)
- Tokyo Rosai Hospital (Omori-Minami 4-13-21)
- Toho University Medical Center Omori Hospital (Omori-Nishi 6-11-1)
- Yasuda Hospital (Omori-Kita 1-11-18)
- Makita General Hospital (Omori-Kita 1-34-6)
- Matsui Hospital (Ikegami 2-7-10)
- Ikegami General Hospital (Ikegami 6-1-19)
- Omori Red Cross Hospital (Chuo 4-30-1)
- Den-enchofu Central Hospital (Den-enchofu 2-43-1)
- Ebara Hospital (Higashi-Yukigaya 4-5-10)
- Tokyu Hospital (Kita-Senzoku 3-27-2)
- Mekama Hospital (Shimomaruko 3-23-3)
- Honda Hospital (Higashi-Yaguchi 1-17-15)
- Tokyo Kamata Hospital (Nishi-Kamata 7-10-1)
- JCHO Tokyo Kamata Medical Center (Minami-Kamata 2-19-2)
- Watanabe Hospital (Haneda 1-5-16)

First-aid station para sa di-malubhang sugat (3 lugar)

- Magome Elementary School (Minami-Magome 1-34-1)
- Higashi-Chofu Junior High School (Den-enchofu-Minami 29-15)
- Rokugo Junior High School (Naka-Rokugo 3-11-11)

Magkano

0 yen

Hanggang kailan

Humigit-kumulang 72 oras mula nang lumindol

Para sa mga katanungan

Community Medical Care Promotion

Section, Health Promotion and Medical Care Programs Division

☎ 03-5744-1264 FAX 03-5744-1523

Pangangalap ng mga presenter “Talumpati sa Wikang Hapon”



Para sa mga dayuhan, nais ba ninyong subukang ipahayag sa wikang Hapon ang inyong mga naramdaman sa pamumuhay sa Ota City, pagkakaiba ng Japan at ng sariling bansa, atbp.? Pagkakataon ito na maipahayag sa harap ng maraming tao ang inyong mga saloobin gamit ang wikang Hapon. Inaasahan namin ang inyong aplikasyon. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang aming website.

Kailan	Ika-1 ng Disyembre, 2019 (Linggo) 1:00pm – 4:00pm	Saan	Ota City Residents Hall (Aprico) Exhibition Room (Ota-ku Kamata 5-37-3)
Ilang tao	Mga 15 katao (Saklaw: mga nakatira/nagtatrabaho/nag-aaral sa loob ng Ota City na hindi wikang Hapon ang inang wika)		
Paraan ng aplikasyon	Aplikasyon sa pamamagitan ng website ng asosasyon. Dalhin o ipadala sa koreo, fax o e-mail ang application form. Sa ika-30 ng Setyembre (Lunes) ang deadline. Pipiliin sa raffle kung maraming aplikante. Maaari ring i-download mula sa website ang application form.		
Para sa mga katanungan	General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association ☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail info@ota-goca.or.jp URL https://www.ota-goca.or.jp/		



Japanese Class “Magbasa tayo ng mga handout ng paaralan”

Ito ay Japanese class para magkaroon ng kakayahan sa wikang Hapon na bumasa ng mga handout mula sa paaralan. Gagamitin ang mga “Balita tungkol sa baitang” at “Paunawa tungkol sa mga kaganapan” ng elementary school bilang materyal sa pagtuturo, at pag-aaralan ang basa at ibig sabihin ng mga salitang ginagamit sa paaralan, at kung paano hanapin ang mahalagang bahagi. Matututunan din ang mga patakaran at kaganapan sa elementary school sa Japan, kaya’t sumali na kung may anak na papasok pa lamang sa elementarya.



Kailan	Ika-21 at ika-28 ng Oktubre; ika-11, ika-18 at ika-25 ng Nobyembre, 2019 (Lunes) 10:00am – 12:00am (5 beses sa kabuuan)	Magkano	Libre
Saan	Global City Ota Cooperation Association Meeting Room (Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility)	Paraan ng aplikasyon	Mag-aplay sa pamamagitan ng application form sa website ng asosasyon. O kaya ay dalhin o ipadala sa fax o e-mail ang application form sa likod ng leaflet. Maaari ring i-download ang application form mula sa website.
Ilang tao	15 katao (mula sa naunang aplikante) Mga dayuhang magulang/tagapag-alaga na nakatira sa Ota City. Nakakabasa ng hiragana at katakana. Kayang makipag-usap sa wikang Hapon.	Para sa mga katanungan	General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association ☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail info@ota-goca.or.jp URL https://www.ota-goca.or.jp/
Nursery	May pansamantalang nursery room “Kids-na Omori (Child and Family Support Center Omori)”. Hanggang 5 bata (naunang dumating). 1 taong gulang pataas at hindi pa nag-aaral. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa amin.		


Multicultural Exchange “Japan Day”

- OPagsubok ng mga tradisyonal na kulturang Hapon**
- Tea ceremony - Tatami-mat workshop - Etegami (Japanese postcard art)
 - Bonkei (miniature garden with sand, small stones and plants arranged on a tray) - Mga larong Hapon
- OPagsubok ng lindol (disaster drill)**

Magkakaroon ng Multicultural Exchange “Japan Day” sa layunin na masubukan ng mga dayuhan ang kulturang Hapon. Ngayong fiscal year, magbubukas ng Japan Day booth bilang bahagi ng “International Festival in Kamata 2019”, at hihingiin ang kooperasyon ng Cool Ota-ku Ambassador at mga international exchange volunteer para ipakilala ang kultura ng sariling bansa, sa layunin na paunlarin ang ugnayan ng mga residenteng dayuhan at residenteng Hapon.



Kailan	Ika-26 ng Oktubre, 2019 (Sabado) 11:30am – 2:30pm Matutuloy kahit umambon, ikakansela kung bumagyo	Paraan ng aplikasyon	Mag-aplay mula sa website. O kaya ay ipadala sa fax o dalhin sa counter ang application form. Pipiliin sa raffle kung maraming aplikante. Ang resulta ay ipagbibigay-alam sa lahat bago o sa ika-15 ng Oktubre (Martes). Panahon ng aplikasyon: Ika-21 (Miyerkules) ng Agosto – Ika-2 (Miyerkules) ng Oktubre
Saan	Nihon Kogakuin Kamata Campus (Ota-ku Nishi-kamata 5-23-22)	Para sa mga katanungan	General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association ☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 E-mail mail@ota-goca.or.jp URL https://www.ota-goca.or.jp/
Magkano	May participation fee ang ilan sa mga pagsubok ng kulturang Hapon.		
Saklaw	Pangunahin ang mga dayuhang nakatira sa Ota City. Maaari ring sumali ang mga residenteng Hapon ng Ota City.		



Ang “Ota City Navigation” ay inilalathala ng Global City Ota Cooperation Association simula ng fiscal year 2019.

Tagapaglathala General Incorporated Foundation Global City Ota Cooperation Association
〒143-0023 Ota-ku Sanno 2-3-7 Omori Urban Development Promotion Facility 4F
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982 URL https://www.ota-goca.or.jp/

Pakiabot sa amin ang inyong mga opinyon at puna sa pamamagitan ng e-mail.

E-mail info@ota-goca.or.jp